# San Francisco Plano para sa Aktibong mga Komunidad
## (Active Communities Plan)

SFMTA



## Gawin nating mas mabuting lugar ang San Francisco para sa pagbibisikleta at pagrorolyo!

Binabago na ng Ahensiya ng San Francisco para sa Munisipal na Transportasyon (San Francisco Municipal Transportation Authority, SFMTA) ang Plano para sa Aktibong mga Komunidad (Active Communities Plan, ACP). Ang planong ito, na dating kilala bilang Pangunahing Plano para sa Pagbibisikleta sa Kabuuan ng Lungsod (Citywide Bicycle Master Plan) ang nagkakaloob ng impormasyon sa mga pamumuhunan para sa ugnayan ng aktibong transportasyon, nagbibigay-prayoridad sa mga proyekto sa loob ng susunod na dekada, at nagrerekomenda ng bagong mga polisiya at programa upang masuportahan ang aktibong transportasyon. Makokompleto ang pinal na plano sa Tagsibol ng 2024.

Kasama sa ACP ang buong taon na proseso ng pag-abot at pagpapalahok sa nakararami sa buong lungsod, pati na rin ang online na mga kasangkapan at hindi bababa sa 54 pagtitipon sa kabuuan ng lungsod. Inaanyayahan ang mga taga-San Francisco na magbahagi ng kanilang mga karanasan, pangangailangan, at prayoridad ukol sa mga bisikleta, scooter, wheelchair, at iba pang elektronikong kagamitan. Kasama ang SFMTA sa pamumuno ng pag-abot na ito sa nakararami, sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa mga organisasyong pangkomunidad sa kabuuan ng lungsod.

***Ang gawain ng pagsakay sa ugnayan para sa Aktibong Transportasyon (Active Transportation network), gamit man ang sariling lakas o ang elektronikong kagamitan, ay pangunahing nagdudulot ng kasiyahan. Ipinagdiriwang ng Plano para sa Aktibong mga Komunidad ang kasiyahang ito nang kasama ang lahat ng nasa San Francisco.***

Pagkakataon na ang planong ito upang mag-adbokasiya para sa mga pagpapahusay sa inyong komunidad, kasama na ang:

- Bago at pinaghusay na ugnayan para sa mga gumagamit ng wheelchair, scooter, at bisikleta
- Mas maraming paradahan at katuwa-tuwang mga katangian na para sa mga bisikleta
- Bagong mga programa at polisiya na pangkomunidad upang mas maging madali sa inyo na makapunta sa iba't ibang lugar

### *Ano ang Ugnayan para sa Aktibong Transportasyon (Active Transportation Network)?*

Ang ugnayan para sa pagbibisikleta sa San Francisco ay hindi lamang para sa mga nagbibisikleta. Legal ding puwedeng gumamit ng lane para sa bisikleta sa kabuuan ng lungsod ang mga indibidwal na gumagamit ng wheelchair, skateboard, scooter, at iba pang kagamitan na gumagana sa tulong ng elektrisidad. Upang masalamin ang pagpapalawak na ito, ginagamit na ngayon ang terminong Ugnayan para sa Aktibong Transportasyon.



## Paano ako makakalahok?

**Bisitahin ang [SFMTA.com/ActiveCommunities](SFMTA.com/ActiveCommunities) upang makapagpalista para sa pinakabagong impormasyon ukol sa mga proyekto at malaman pa ang tungkol sa mga pagtitipon para makaabot sa nakararami. Makipag-ugnay sa pangkat para sa proyekto sa [ActiveCommunities@SFMTA.com](mailto:ActiveCommunities@SFMTA.com)**

Caltrans

# San Francisco Plano para sa Aktibong mga Komunidad (Active Communities Plan)



## *Pangako tungo sa Pagkakaroon ng Katarungan sa Pagkakapantay-pantay*

Tinatanggap ng SFMTA na nagkaroon ng kasaysayan ang San Francisco kung saan may nakaraang mga proyekto ito sa transportasyon na nagpatibay sa institusyunal at istruktural na rasiso at nagdulot ng pinsala, matinding karanasan o trauma, at kawalan ng espasyo para sa mga komunidad ng may kulay. Upang magkaroon ng ligtas, malugod na tumatanggap sa lahat, at may katarungan sa pagkakapantay na ugnayan sa transportasyon, kailangan natin na muling magkaroon ng tiwala at mapagtibay ito, at ilagay sa sentro ang boses at pangangailangan ng mga indibidwal na may kasaysayan ng pagkakabukod.

Pinagtutuunan ng Plano para sa mga Aktibong Komunidad ang pagpapalahok sa lahat at mga proyekto sa anim na komunidad, kung saan ang nakaraang mga proyekto para sa ugnayan sa pagbibisikleta ay nagdulot ng pagkakahiwa-hiwalay ng mga komunidad na may kasaysayan ng pagkakasantabi. Layunin naming muling magkaroon ng tiwala at mapagtibay ito, at maiayon ang mga proyekto sa hinaharap sa mga pinahahalagahan ng komunidad. Sa pamamagitan ng pakikipag-partner sa lokal na mga organisasyon, malalaliman kaming makikilahok sa kritikal na mga usapin sa komunidad. Magbubunga ang prosesong ito ng mga plano para sa pagkilos sa komunidad na nabuo nang magkakasama, at angkop sa mas malaking Plano para sa Aktibong mga Komunidad.

**Kinakatawan ang nakalista sa ibaba na mga komunidad ng mga sumusunod na organisasyong pangkomunidad na nakikipagtrabaho sa SFMTA:**

- **Bayview-Hunters Point:** Bayview Hunters Point Community Advocates
- **Mission District at Outer Mission/Excelsior:** PODER Bicis del Pueblo
- **Tenderloin:** Tenderloin Community Benefit District
- **Western Addition at Fillmore:** New Community Leadership Foundation
- **SoMa:** SoMa Pilipinas


Ang San Francisco Bicycle Coalition ay sumusuporta sa outreach at pakikipag-ugnayan sa buong lungsod.

*Upang magkaroon ng dagdag na kaalaman ukol sa bawat organisasyon at magpalista para makakuha ng pinakabagong impormasyon, bisitahin ang kani-kanilang website.*

**Iskedyul ng mga Gawain sa Proyekto (Project Timeline)**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pagpapasimula at Kasalukuyang mga Kondisyon** Enero 2022-Agosto2022 | **Pagsusuri at Mga Interbyu sa Komunidad** Setyembre 2022-Disyembre 2022 | **Pag-abot sa Nakararami: Yugto 1** Enero 2022-Mayo 2023 | **Pag-abot sa Nakararami: Yugto 2** Hunyo 2023-Enero 2024 | **Burador o Draft at Pagpapatupad sa Pinal na Plano** Tagsibo 2024 |

**SFMTA.com/ActiveCommunities**



☎ 311 (Outside SF 415.701.2311; TTY 415.701.2323) Free language assistance / 免費語言協助 / Ayuda gratis con el idioma / Бесплатная помощь переводчиков / Trợ giúp Thông dịch Miễn phí / Assistance linguistique gratuite / 無料の言語支援 / 무료 언어 지원 / Libreng tulong para sa wikang Filipino / การช่วยเหลือทางด้านภาษาโดยไม่เสียค่าใช้จ่าย /خط المساعدة المجاني على الرقم